

Paglilinaaw sa Pinal na Tuntunin ukol sa Public Charge 2022

Ang Department of Homeland Security (DHS) ng Estados Unidos ay naglabas ng pinal na tuntunin, na ilalathala sa Pederal na Rehistro, na nagbibigay ng paglilinaaw para sa mga hindi mamamayan kung paano ipapatupad ng DHS ang tuntunin ukol sa “public charge” bilang batayan ng hindi pagtanggap o “inadmissibility.” Ibinabalik ng tuntuning ito ang makasaysayang pag-unawa sa kahulugan ng isang “public charge,” na ipinatupad nang ilang dekada, hanggang ang nakaraang Administrayon ay nagsimulang ibilang sa pagpapasya sa hindi pagtanggap o “inadmissibility” bilang public charge ang mga karagdang benepisyo sa pampublikong kalusugan tulad ng Medicaid at tulong sa nutrisyon. Ang tuntunin na inanunsyo ngayon ay sang-ayon sa pangako ng Administrasyon ni Pangulong Biden na ibalik ang tiwala sa ating sistema ng legal na imigrasyon.

Ang isang hindi mamamayan na maaaring maging isang “public charge,” na nangangahulugang sila ay maaaring pangunahin na nakaasa sa pamahalaan para mabuhay, ay maaaring hindi tanggapin o tanggihan na maging permanenteng residente ayon sa batas (karaniwang kilala bilang isang green card holder). Bago ang 2019, halos lahat ng mga non-cash na benepisyo mula sa gobyerno tulad ng Medicaid o tulong sa nutrisyon ay hindi kasama sa batayan. Ang tuntunin ng 2019, na ngayon ay wala nang bisa at hindi na ipinatupad, ay nagresulta sa pagbaba ng pagpapatala sa mga nasabing programa ng mga indibidwal na hindi nakapailalim sa hindi pagtanggap o “inadmissibility” dahil sa pagiging public charge, tulad ng mga bata na mamamayan ng Estados Unidos sa mga tahanan na magkahalo ang estado. Ang paglalathala ng bagong tuntunin ngayon sa Pederal na Rehistro ay tumutulong na maiwasan ang mga resultang ito sa pamamagitan ng pormal na pag-codify o pagkilala ng kahulugan ng termino.

Sa pamamagitan ng tuntuning ito, nais ng DHS na ipatupad ang batayan sa hindi pagtanggap sa public charge sa paraan na:



Nagbibigay ng katiyakan sa pinamamahalaang publiko;



Hindi kailangan ng pagkumpleto ng bago at mahirap na pormularyo at pang-suportang dokumento;



Alinsunod sa direksyon ng kongreso;



Hindi nagtatatag ng komplikado at nakalilitong pamantayan;



Malinaw at nauunawaan ng mga opisyal at hindi mamamayan at kanilang pamilya;



Hindi nalalapat sa mga aplikasyon na hindi pang-imigrasyon at petyon sa pagpapahaba ng paglagi at pagpapalit ng estado; at



Nagbibigay-daan sa patas at hindi-nagbabagong paghatol upang maiwasan ang hindi pantay-pantay na pagtrato sa mga indibidwal na magkapareho ang sitwasyon;



Hindi binabalewala ang kahalagahan ng pag-iwas sa “chilling effect” – ang pag-aalinlangan ng isang indibidwal na makilahok sa mga programa sa benepisyo ng publiko, dahil sa takot na negatibong kahihitnan sa imigrasyon, kahit na ang indibidwal ay hindi saklaw ng tuntunin.



Inaalis ang mga hindi nararapat na hadlang sa mga aplikante; at



Iwasan na madismaya sa paggamit ng pampublikong benepisyo ang mga hindi saklaw ng batayan ng public charge.



U.S. Citizenship and Immigration Services